# Kalawang

**Mark Anthony S. Salvador**

"KALAWANG" ANG TUKSO sa akin noong bata pa ako. At nakikipagbabag talaga ako dahil dito. Umuuwi ako minsang may putik o punit ang puting T-shirt na aking uniporme, may kalmot sa mukha o leeg. Madalas, basag lang boses ko pagdating sa bahay, pero minsan, tuluyan na akong umiiyak.

May dyip kaming lumang-luma na, bagama't hindi naman sobrang bagal ng takbo. At pangalan ko, "Mac-mac," ang nakasulat sa noo nito. Kinakalawang na ang dyip, kaya nga iyon, "kalawang," ang naging pang-asar sa akin. Pero napakalaki ng pakinabang sa amin ng dyip na iyon. Isa iyon sa mga dapat pasalamatan kung bakit may naihahain sa aming mesa. At lampas sa materyal na pakinabang, saksi ito sa kasaysayan ng aming pamilya.

Panganay si Mama sa kanilang magkakapatid. Guro siya sa Karuhatan Elementary School, at factory worker naman sa pabrika ng tubo si Papa. Sa Canumay, Valenzuela sila nakatira. Dahil walang makuhang yayang mag-aalaga sa akin, sina Nanay at Tatay, lola't lolo ko kay Mama, ang nagpalaki sa akin. Sa Peñaranda, Nueva Ecija iyon, bayang napakalapit sa Sierra Madre.

Lima ang anak nina Nanay at Tatay, at dalawa sa kanila ang wala pang asawa. Si Dikong Omel, pang-apat, at si Tita Ine, bunso. Nakatira naman sa likod-bahay ang pangatlo, si Tita Ye, na may dalawa nang anak na babae. Tsuper ng dyip si Tatay,



likhaan 13 inside pages 102419.indd 185 10/25/2019 2:07:14 PM

at may sari-sari store naman si Nanay. Dahil panganay na apo, at palaki pa nila, espesyal ako. Malaking patunay, pangalan ko ang nakasulat sa noo ng dyip. Sa akin din nagmula ang pagtawag sa kanila ng Nanay at Tatay, kaya lahat ng apo, gayon na ang tawag sa kanila. Inang at Tatang naman ang tawag sa kanila ng mga anak at manugang nila. Dahil din sa pagtawag na iyon, minsan, napagkakamalan ng mga bisita na ako ang bunsong anak.

Isang beses lang namamasada si Tatay kada araw. Iyon ay biyaheng Callos, Peñaranda–Gapan. Humigit-kumulang 10 kilometro rin iyon. Ang Callos, baryo namin, ang huling barangay ng Peñaranda. Gigising si Tatay nang alas-kuwatro. Hindi niya kailangan ng alarm clock. Idagdag pang hindi pa uso ang alarm clock nang panahong iyon. Sa loob ng kalahating oras, makakapaligo siya, makakapagkape at makakapagbihis. Naninigarilyo siya samantalang nagkakape. Aalis siya nang alas-kuwatro y media. Papahulo muna siya, patungo sa bandang dulong bahagi ng Callos. Nasa Purok 3 ang aming bahay, gitna ng baryo. Aabot si Tatay hanggang Purok 6, ang huling purok, para manguha ng mga pasahero. Alam ng mga tao ang oras ng daan ng dyip. Regular na pasahero ni Tatay ang mga may tindahan, pupunta silang palengke ng Gapan para manindahan. Gapan ang kasunod na bayan ng Peñaranda. At dahil maliit lang ang palengke sa aming bayan at tuwing Miyerkules lang nagbubukas, sa Gapan namamalengke ang mga tao. Humihinto na mismo si Tatay sa tapat ng bahay ng mga regular na pasahero, at kapag narinig nila ang ugong ng dyip, sasakay na sila. May dalang bayong, at kalimitan, naka-belt bag. Tuwing Lunes ang pinakamaraming pasahero. Sa araw na iyon pinakamarami ang namamalengke at lumuluwas ang mga nagtatrabaho sa Kamaynilaan, mga umuuwi lang tuwing Biyernes o Sabado ng gabi para makapiling ang kanilang pamilya.

Walang sign board ang dyip namin. Hindi rin nakalagay sa gilid nito ang biyahe at ruta nito. Callos–Gapan lang naman kasi ang biyahe nito, at kilala na ito ng mga tao.

Pagdating ni Tatay sa Purok 6, magmamaniobra na siya. Pagbalik ng dyip, may ilang pasaherong noon pa lang sasakay. Hindi pa kasi sila handa nang unang dumaan ang dyip. Pagsapit sa amin ng dyip, sasakay na rin si Nanay. May dala rin siyang bayong, at mamamalengke.

Nang hindi pa ako nag-aaral, nang nasa tatlo o apat na taong gulang pa lang ako, taong 1993-1994 iyon, sumasama ako kapag papahulo na ang dyip. Kina Nanay at Tatay ako nakatabi sa pagtulog, at nagigising ako pagbangon nila. Sa dyip, sa tabi ni Tatay ako nauupo. Naka-pajama pa ako. Habang papahulo, parami nang parami ang mga pasahero. Sariwang-sariwa pa sa akin ang isang pagsakay ko sa dyip, na sa dami ng pasahero, sa kaliwa na ni Tatay ako nakaupo. Sa napakaliit na puwestong iyon.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 186 10/25/2019 2:07:14 PM

Huminto ang dyip para isakay si Nanay, at inabot naman ako ni Dikong para ibaba. Umiiyak ako noon. Gustong-gusto kong sumama kina Tatay.

Bago makalabas ang dyip sa Callos, halos puno na ito. May mangilan-ngilan na lang sasakay pagdating sa susunod na mga barangay. Maaari namang umarkila ng traysikel ang sinumang mamamalengke o luluwas, pero dahil napapamahal, nagdyidyip sila.

Dati, nang hindi pa ako nag-aaral, mas marami ang pasahero. May tabla na ikinakalso ng pinto ng dyip para maging upuan ng mga pasahero. Dahil doon, nakakapagdagdag ng dalawang pasahero sa dyip, dalawang pasaherong magkakaroon ng higit na mas makaranasang biyahe.

Sa tapat ng munisipyo ng Gapan, sa labas ng palengke, iginagarahe ni Tatay ang dyip. Pabalik, ang mga namalengke na lang ang sakay ni Tatay. Hindi siya aalis hanggang may isang namalengke na hindi pa dumarating. Minsan, may nadaragdag na mga pauwing galing Kamaynilaan.

Punong-puno ang dyip sa biyahe nito pabalik. May laman maging ang topload. Mas maunti ang pasahero, pero dumagdag naman ang mga pinamili. Malalaking supot ng samot-saring sitsirya, mga karne ng manok at baboy, mga isda, mga gulay. Nagbabayad ang mga pasahero para sa kanilang mga pinamili. Ihihinto ni Tatay sa tapat mismo ng kani-kanilang bahay ang mga namalengke. Hindi na nila kailangang pumara. Si Tatay rin ang umaakyat sa topload, nang hindi pinapatay ang makina ng dyip, para iabot ang kanilang pinamili. Iaabot niya ang mga ito sa anak, katulong o asawa ng namalengke.

Pagdating ng dyip sa amin, bababa si Nanay at ibababa naman ni Tatay at Dikong ang kanyang mga pinamalengke. Noon naman kami magtatatakbong magpipinsan, ako at ang dalawa kong pinsang babae na nakatira sa likod-bahay. Alas-otso ang kadalasang dating ng dyip, at kahit ano ang ginagawa namin, nanonood ng TV, halimbawa, iiwan namin iyon. At magtatatakbo kami sa dyip. Sa tabi ni Tatay kami umuupo. Kasya kami roong tatlo.

Papahulo si Tatay para ihatid ang mga pasahero. Pagkahatid sa huling pasahero, magmamaniobra na siya. Pagdating sa amin ng dyip, nagsahod ang mga kamay namin. "Dos! Dos! Dos!" At bibigyan kami ni Tatay ng dalawang piso. Maaaring dalawang barya, o iyong malaking barya na may kalabaw, o iyong maliit na may puno ng niyog. Saka niya sasabihin nang nakangiti, litaw ang nangingitim na mga ngipin, "Kayo na nga'ng nagsisakay, kayo pa'ng babayaran."

Pangsiyaman ang aming dyip. Kulay pula ito, at may mga bahaging may pinta ng puti, abo at dilaw. May kabayo ito sa unahan at sa magkabilang gilid, pero hindi ito



likhaan 13 inside pages 102419.indd 187 10/25/2019 2:07:14 PM

Sarao. Iniuwi lang ni Tito Ferdie, asawa ni Tita Ye, mekaniko, ang mga kabayong iyon at idinikit doon. Naitutulak ang windshield ng dyip, parang bintana. Lagi itong nakaakawang nang nasa dalawang pulgada, kaya mas nahahanginan ang mga nakaupo sa unahan. Sa tapaludo ng dyip, sa mismong pintuan, nakasulat ang *Tatang Inggo, Inang Maria,* mga magulang ni Tatay. Nakadikit naman sa rearview mirror ang lumang retrato ng kapatid kong si Ricky at pinsang si Jean. Magkaedad ang dalawa. Nasa apat na taong gulang sila sa retrato, nakaupo, kapwa bungisngis. May kalahating dangkal na Sto. Niño sa dashboard ng dyip, at malaking gulong sa kaliwang gilid ng tsuper.

Mahilig magkalikot si Tatay sa dyip. Katulong niyang madalas, o inuutusan, si Tito Ferdie, na nasa bahay nila tuwing Linggo. Sa malaking talyer sa Mandaluyong ito nagtatrabaho, at lumuluwas tuwing Lunes kaya regular na pasahero ni Tatay sa araw na iyon. Silang dalawa ang naglagay ng mala-treng busina sa dyip. Gaya sa tren, may kailangang hilahin sa dyip para makabusina. May malaking torotot sa gawi ng tsuper na pagmumulan ng malakas na busina. May LPG sa ilalim ng upuan ng dyip na pinagmumulan ng gas. Minsan, kapag may madaraanang mga kabiruan na nag-uumpukan sa gilid ng kalsada, hihilahin ni Tatay ang busina.

“Ay puke!” sabi ng kubrador ng huweteng. “Si Mama Ene naman!”

Tuwing pagsalubong sa bagong taon, habang hindi na magkarinigan dahil sa ingay ng mga videoke at mga paputok, papatunugin ni Tatay ang businang iyon. Makikipaglaban sa ingay ng paligid ang busina ng dyip. Bukod sa paghahangad sa biyaya ng darating na taon, para bang buong pagmamalaking isinisigaw ng matanda naming sasakyan, “Heto ako, hindi nagpapagupo sa panahon!”

Panot si Tatay, at matangkad. Malakas siyang manigarilyo, nakakailang kaha siya sa maghapon. Manginginom din siya. Umiinom siya ng bilog kahit mag-isa, habang nanonood ng TV. Pero hindi siya umiinom ng beer, nagtatae kasi siya rito. At kahit nakainom nang gabi, nakakapamasada siya kinabukasan. Malakas ang pangangatawan ni Tatay. Nakabisikleta siya tuwing nagpupunta sa bukid, at malinaw ang kanyang mga mata. Hindi siya nagsasalamin kahit tuwing nagsusugal. Mahilig siya sa tong-its. Mga kapitbahay ang madalas niyang kalaro. Pero hindi siya adik sa sugal. Kapag wala nang pantaya, o kapag uwian nang talaga, uuwi na siya.

Madaldal si Tatay at mayabang. Pero ewan, hindi siya kinaiinisan sa Callos. Natutuwa nga ang mga taong biruin siya, at makasama. Hindi kami mayaman, bagama’t nakakaluwag. Isa sa mga unang nagkaroon ng bahay na bato sa Callos. Isa ito marahil sa mga dahilan, at ang husay sa pakikisama ni Tatay, kung bakit mataas ang pagtingin sa kanya ng mga taga-Callos.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 188 10/25/2019 2:07:14 PM

Protestante kami, pero hindi ko masabing gayon din si Tatay. Nagsisimba lang siya tuwing Biyernes Santo, sa aming kapilya, nakikinig sa Seven Last Testaments. Kahit sa mga inuman, ipagmamalaki niyang hindi man siya regular na nagsisimba, nakakakilala naman siya, at na walang Biyernes Santong hindi siya nagsisimba.

Lampas-singkuwenta anyos na si Tatay nang isilang ako. At hanggang maghalos sitenta anyos siya, namamasada siya.

Wala pa raw anak sina Nanay at Tatay, may tindahan na sila. Nagkaroon daw muna sila ng owner type jeep, na mapapalitan ng dyip na ito. Sa pagkakatanda ni Mama, nasa Grade 1 siya nang dumating ang dyip. Taong 1965 isinilang si Mama. Ibig sabihin, bandang 1972 nang dumating ang dyip. Panahon ng batas-militar.

Isang matandang tagahulo, nagngangalang Mamang Godeng, ang namamasada rin. Lagi raw nitong ipinagmamalaki kay Tatay ang bagong bili niyang dyip. Pero ilang taon lang ang lilipas, masisira ang dyip nito. Nakailang dyip din daw si Mamang Godeng, at wala akong inabutan ni isa sa mga ito.

Ang inabutan ko lamang na namamasada rin ng dyip ay si Lolo Monchi, kumpare ni Tatay, nakatira sa harap namin, pagtawid lang mismo sa kalsada. May tinatawag silang first trip. Ang first trip ang unang bibiyahe, alas-kuwatro y media ng umaga. Ang second trip naman ay alas-singko ng umaga. Ginagawa ito para hindi magkalaban sa pasahero ang mga namamasada. May partikular na araw na si Tatay ang first trip, Lunes, Huwebes, Sabado, halimbawa. Ang first trip din ang unang bibiyahe pabalik, galing Gapan. Kung sinuman ang first trip na hindi makakabiyahe kinabukasan, sasabihan na lang ang isa para sumalo sa alas-kuwatro y media na biyahe.

Magkaibigan sina Tatay at Lolo Monchi. Kung ano ang handa ng isa't isa kung may okasyon, tiyak na meron din ang kabila. Tsuper ng dyip ang dalawa, na nagkasabay sa biyahe sa mundo.

Isang komunidad ang nabubuo sa aming dyip, dahil nga karamihan sa mga sakay nito ay magkakakilala. Masigla ang kuwentuhan ng mga pasahero, lalo kapag pauwi, na sila-sila na lang na mga regular na pasahero ang sakay.

"Tumama si Kakang Sergio, a. Dal'wang daan na pala'ng kilo ng sili," sasabihin ng isa.

O kung may luluwas, kukumustahin ito ng iba. "Sa'n ba'ng punta n'yong mag-ina?" "E ire e ipapasok kong katulong sa bilas ko."

Minsan ngang pauwi, bumanat ang isang matanda. "Parang nagkakati'ng puke ko." "Ay, Nanang Rita, may sili ako rine," sagot ng isang baklang namalengke rin. At naghagalpakan sa tawa ang mga pasahero.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 189 10/25/2019 2:07:14 PM

Nasa kolehiyo na ako nang maisip kong isa nga iyong komunidad. Hindi ko iyon napansin noong bata pa ako, dahil sa kasalatan sa kaalaman, at dahil lagi ko namang nakikita ang dyip. Pero nang mas malalim na ang nalalaman ko, at bihira ko nang makita ang dyip, napansin kong isa nga iyong komunidad. Komunidad ng mga taong may payak na pamumuhay.

Parang mamamayan din ng Callos ang aming dyip. Wala yatang taga-Callos na hindi nakakakilala rito. At palagay ko, lampas sa kalahati ng mga taga-Callos ang nakasakay na rito.

Isang beses, habang pauwi, matapos magmaniobra sa hulo, inihinto ni Tatay ang dyip, pinatay ang makina. "'Tay, bakit?" tanong ko. "'Yung ehe, may sira," sagot niya. Naglakad kaming apat na maglololo pauwi.

Hindi nawala ang dyip, at walang bumarumbado. Parang mamamayan ng Callos, nakilala ito at nirespeto ng mga dumaraan.

Parihaba ang estruktura ng bahay nina Nanay at Tatay. Kaya kung titingnan ng sinumang nasa kalsada, iisiping ang laki-laki ng bahay. Mula hulo, unang makikita ang garahe na may bakal na pinto, susunod ang sari-sari store, ang terrace—na hindi naman na talaga terrace dahil isang dangkal lang ang itinaas sa kalsada—at ang gasolinahan, na mas maliit nang kaunti sa sari-sari store. Ang dyip lang, at ang mga bisikleta, ang nakaparada sa garahe.

Tuwing Mahal na Araw, napupuno at lalong nagiging maingay ang bahay na ito. Umuuwi kasi ang lahat ng anak, apo, at manugang nina Nanay at Tatay. Liban sa pamilya ni Kuya Ulay, pangalawa sa magkakapatid, na nakatira sa Cagayan de Oro. Tuwing Sabado de Gloria, nagpipiknik kami sa ilog. Sasakay kaming lahat sa dyip. Punong-puno ang dyip sa aming angkan, na pinasikip pa ng malaking interyor ng gulong na ginawang salbabida, lona, salbabida ng mga bata, ilang case ng softdrinks, jag ng tubig, mga kaldero, kaserola, baso, at mga pinggan. Iba-iba ang dala naming ulam. Pero hindi kami nawawalan ng sinampalukang manok.

Ilulusong ni Tatay sa ilog ang dyip, saka ipaparada sa sandbar, o sa bahaging hanggang bukong-bukong lang ang tubig, saka pagtutulungang ikabit ang lona. Ang magkaibang dulo ng lona ay itatali sa kahoy na ipapako sa lupa, habang ang magkabilang dulo ay itatali sa dyip. Sa ilalim nito kami sisilong. Minsan, kasama namin ang pamilya ni Lolo Monchi. Dalawang dyip, dalawang pamilyang nagpipiknik.

Sa kada taong lumilipas, nahihirapan kami sa paghahanap ng puwestong mapagpipiknikan. Bukod kasi sa parami nang parami ang mga nagpipiknik—dahil dumarayo ang mga nasa kalapit na barangay—papangit din nang papangit ang ilog. Hindi



likhaan 13 inside pages 102419.indd 190 10/25/2019 2:07:14 PM

yata batid ng mga kababaryo namin kung gaano nakakasira sa ilog ang mga quarrying. Nauubos ang bato sa ilog, kinakain ng ilog bilang ganti ang mga dalampasigan. Naalala ko noong bata pa ako, mas maganda at mas maliit ang ilog na iyon.

Sa pagdaan ng panahon, kay laki ng ipinagbago ng dyip at ng ilog. Pero mas mapalad ang dyip. Naluma lang siya, hindi sinira ng tao.

Si Mama, at ang mga tiyahin ko, nang manganganak na, lahat sila ay sa dyip isinakay nang isugod sila sa ospital. Si Mama ay umuuwi pa sa Callos kapag kabuwanan na niya para roon manganak.

Ang dyip din ang ipinanghahakot ng talaksan ng kahoy sa pulo, na malapit sa bukid namin, mga kahoy na gagamiting panggatong. Gayundin kapag maghahakot ng mga kaban ng palay mula sa bukid, pagkatapos ng anihan, at kapag ibibilad ang mga ito sa eskuwelahan. Dito rin sumasakay ang mga gagapas sa aming palay. Naaarkila rin ito ng eskuwelahan kapag may field trip ang mga bata, na hindi rin naman kalayuan. Sa Nueva Ecija rin. Naalaala ko na galit na galit si Tatay sa teacher ko sa Grade 5, dahil pinatungan ang singil sa mga bata sa pamasahe. Naibalik ang tigtatatlong piso—oo, ganyan lang kalaki—na dagdag na singil sa amin.

Tuwing may libing, nakikipaglibing si Tatay. Minsan, inaarkila ang dyip para roon sumakay ang mga makikipaglibing. Pero minsan, kung malapit kay Tatay ang pamilya ng namatayan, o kung hirap sila sa buhay, hindi siya nagpapabayad.

Oo, naroon ang dyip namin, mula pagsilang hanggang kamatayan.

Hindi ko naiisip ang dyip na hiwalay kay Tatay. Parang ekstensiyon ni Tatay ang dyip, parang bahagi ng kanyang kaluluwa. Wala nga akong ibang maalaalang nagmaneho sa dyip. Pinaandar iyon minsan ni Kuya Ulay, pangalawa sa magkakapatid, pero napaandar lang niya, at hirap na hirap pa siya. Hindi niya napatakbo. Ang biro nga ng mga tao, nangangamuhan daw ang dyip. Kaya kung ibebenta, kasama raw dapat si Tatay.

Nagunita ko ang dyip namin nang mabasa ko ang "Miss Jones," maikling kuwento ni Jimmuel Naval, tungkol sa matandang bus na Miss Jones ang pangalan, at tanging si Manong Samar lang ang nakapagmamaneho.

Katulad ng ekstensiyon ng kanyang sarili, tumatanda rin si Tatay. At kung papaanong inaalagaan ni Tatay ang dyip, alam ko, higit ang pag-aalaga namin, lalo na ni Nanay, kay Tatay.

Sa Valenzuela ako naghay-iskul. Pagkatapos ko ng elementarya, sa araw mismo ng graduation, kinuha na ako nina Mama at Papa, para roon na mag-aral. Nasa pueblo pa kasi ng Peñaranda ang pinakamalapit na hay-iskul. Baka raw magloko ako, gaya



likhaan 13 inside pages 102419.indd 191 10/25/2019 2:07:14 PM

ng marami sa mga taga-Callos, na hindi na pala nagsisipasok, sa bilyaran at mga computer shop na lang naglalagi.

Nang hapong aalis na kami, umalis si Tatay. Ayaw raw makitang aalis ako.

Dahil wala namang alam na trabaho, hindi nakapagkolehiyo, at hindi rin marunong gumawa sa bukid, at sa kapilya lang namamalagi, ibinigay na ni Nanay kay Dikong Omel ang tindahan nang mag-asawa na ito. Mula noon, hindi na namamalengke si Nanay. Si Dikong na ang sumasama kay Tatay sa Gapan, habang ang asawa naman niya ang abala sa paglalaba, madaling-araw pa lang.

Nagkaroon naman ng panibagong tindahan sina Tatay. Kadikit lang ito ng terrace. May tinda ritong magkakaibang klase ng bigas, mga gamit sa mga makina, mga pako, mga langis at krudo, bombilya at mga gasolina na nakalagay sa pang-isang litrong bote ng softdrinks.

Mas matanda pa kay Mama ang tindahan ni Nanay. Gaano kaya kalungkot na ipamigay iyon, kahit pa sabihing sa anak niya napunta? At ang dyip, gaano kaya kalungkot para kay Tatay ang sinapit nito?

Bagama't lagi akong sumasakay sa dyip noong bata pa ako, ikinakahiya ko rin ito. Tinawag akong kalawang dahil dito. Madalas ko ngang mahiling na sana, kasingganda ng dyip ni Lolo Monchi ang dyip namin. Ang kanila ay bago pa, ang sa amin ay lumang-luma na. Tipong kapag pinagpupukol ng malalaking bato ay mabubutas ang dingding dahil malutong na, dahil kinain na ng mga kalawang ang bakal. Minsan nga raw, akala ng mga pasahero, buhangin ang napunta sa hita niya nang sumakay siya sa dyip. 'Yon pala, kalawang.

Noong teenager ako, iyong panahong sumisibol ang hiya at malisya sa akin, naiinggit ako sa mga may motorsiklo at traysikel. Kahit iyong luma. At nahihiling kong sana ganoon na lang ang sasakyan namin, hindi dyip na bulok. Kaya noon, nahihiya akong ipakita sa mga tao ang mukha ko tuwing sakay ako ng dyip. Kaya nakita ko talaga ang sarili ko sa maikling kuwentong "Stainless" ni Eugene Y. Evasco. Sa kuwento, may lumang owner type jeep ang tatay, at ikinahihiya ng anak, ng pangunahing tauhan, ang sasakyan nilang iyon. Kahit bahagi iyon ng kanyang paglaki.

Ngayon, naiisip ko, bakit nga ba napakalayo sa katuwiran ng sensibilidad ng nagbibinata? Pagkamahiyaing wala sa lugar, libog na hindi makontrol. Parang bugso ng emosyon na sumalpok sa kanya, kaya lumunod sa kanyang sarili. Ano ang nakakahiya sa lumang dyip na sobrang laki ng pakinabang? Ikinahihiya kong ikinahiya ko ang dyip namin.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 192 10/25/2019 2:07:14 PM

Tuwing sumasabay ako kay Tito Ferdie sa pag-uwi sa Nueva Ecija noong nasa kolehiyo pa ako, pinupuntahan namin ang dyip, para hindi na kami magbayad ng P120 sa traysikel. Madalas, madaratnan kong nakahiga sa harapang upuan si Tatay. Diretso kasi ang upuan doon, hindi nahaharangan ng kambiyo, kaya puwedeng mahigaan. Gigisingin ko siya at magmamano ako. Pagkatapos, titingnan ko ang paligid. Ang munisipyo ng Gapan, ang mga taong pumapasok-lumalabas sa palengke, ang parke, ang mga naglalako ng kutsinta at taho, ang kapayakan at kapayapaan ng umaga. At mapapaalalahanan akong kay bagal ng usad ng buhay sa probinsiya, isang bagay na positibo, sapagkat mas kakaunti ang pagmamadali sa mga tao, hindi gaya sa Kamaynilaan.

Paisa-isa, may darating na mga kargador. Ibababa nila ang pinamili ng pasahero, ipapasok sa dyip o iaakyat sa topload. Patunay na kilala na ng mga kargador ang dyip na sinasakyan ng suki nila. Kapag may dumating na isang pasahero, ipagmamalaki agad ako ni Tatay.

"Oy, Rita. Ito 'yung palaki namin, o. Si Mac-mac. Sa Maynila nag-aaral."

"Ang laki na pala, S'yahong Ene. Dati e ang liit lang, no'ng sumasama pa sa dyip."

Isa ito sa masarap sa pag-uwi sa kinalakhang nayon. Doon, lagi kang bata. Kahit ang totoo, hindi ka na bata, na nasa wastong gulang ka na. Kung papaanong ang mga mahal mo sa buhay na naroon pa rin ay tumatanda, nanghihina, at kalaunan, mawawala.

Kada luluwas ako, sa dyip ako sumasakay. Hindi lang para makatipid sa pamasahe, kundi para mas makasama pa si Tatay.

Sa tabi ni Tatay ako nauupo. At lalasapin kong parang masarap na kape ang biyahe. Ang kapayapaan ng madaling-araw, ang lumilipad na mga insekto, ang mga bukid at mga tumana, bagama't madilim pa at hindi ko makita ang pagkalunti ng mga ito, ang sariwa at malamig na hangin, at ang ugong ng dyip. Bakit kung kailan hindi na ako bata, saka pa naging musika sa akin ang ugong ng dyip? Ganito ba ang nagagawa ng lungkot na dulot ng pangungulila't pagkalayo?

Pagdating sa Gapan, magpapaalam ako kay Tatay, at sasabihan niya akong mag-ingat. Sa bukana ng Gapan, hindi kalayuan mula palengke, sasakay ako sa bus na pa-Cubao. Habang nasa biyahe, parang nakikita ko pa rin si Tatay. Parang naririnig ko pa rin ang ugong ng dyip.

Nang maghay-iskul ako, tuwing Pasko, Undas, Mahal na Araw, at pista na lang ako umuuwi sa Callos. Tuwing Mahal na Araw na umuuwi ako roon, enrollment na sa hay-iskul kapag luluwas ako. At noon, lalo na nang magkolehiyo, noon ko nakita ang pagbigat ng buhay nina Nanay at Tatay.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 193 10/25/2019 2:07:14 PM

Sa dyip, bukid at tindahan ng hardware na lang sila kumukuha ng panggastos. Hindi naman regular na maaasahan ang bukid, at kalaunan, naisara pa ang tindahan. Umunti na rin ang kita ng dyip dahil marami sa mga namamalengke ang meron nang traysikel. Madalas, tuwing pa-Gapan ang dyip, lalo kung hindi naman Lunes, wala pa sa lima ang pasahero. Sana naman ay nadagdagan man lang ng kahit kaunti pagkalampas sa Callos. Si Dikong, sa kabila ng halos araw-araw na pagsakay sa dyip, ay hindi naman nagbabayad. Ang nakalulungkot pa, bagama't sa likod-bahay lang din sila nakatira, ni hindi nila maabutan ng ulam sina Nanay at Tatay.

May altapresyon si Nanay. At dahil matanda na, ang dami niyang gamot na iniinom. Ang pagbili pa lang sa mga gamot na iyon ay malaking gastos na. Minsan, nakita ko sa mga retrato ang mga larawan nina Nanay at Tatay. Mga retrato iyon sa magkakaibang okasyon, gaya ng pampitong kaarawan ng isa sa mga apo at Sabado de Gloria. At napansin kong malayo na ang itsura nila sa nasa larawan. Mas marami nang kuntil sa mukha si Nanay, at mas matanda rin ang itsura. Malakas pa sila, pero ipinagdarasal ko pa ring makasama pa namin sila nang mas matagal, sa mas mahaba pang biyahe.

Taong 2009, nagkakomplikasyon si Tatay, naratay siya nang matagal sa ospital. At akala ng lahat, maging ng mga doktor, wala nang pag-asa. Daang libo ang kailangan. Salamat sa mga donasyon, kinaya namin ang malaking gastos. At himala, gumaling siya, at lumakas. Ipinagdasal siya maging sa istasyon ng radyo.

Taong 2010, unang taon ko sa pagtuturo sa kolehiyo, ibinalita sa akin ni Mama na planong ibenta ang dyip. Sa cellphone, nang kausap ko si Tatay, nakiusap akong huwag ibenta. "'Tay, ako na lang ang bibili. Hahanap ako ng pera," sabi ko. Kahit hindi ko alam kung saan kukuha ng pera, at humigit-kumulang P3,000 lang ang sahod ko bilang part-time faculty sa STI Caloocan.

Ilang araw ang lilipas, sasabihin ni Mama, "Na'benta na raw 'yung dyip." Hindi ko ganap na nauunawaan ang naging reaksiyon ko noon. Parang pinaghalong pagkagulat, lungkot at inis. Lungkot sa nangyari at inis kay Tatay.

Sa halagang P30,000 daw nabili ang dyip. Nagulat nga raw sila na nabili pa ito sa ganoong halaga. Isang may-ari raw ng talyer sa pueblo ang nakabili. Kung umalis si Tatay nang aalis na ako, kumusta kaya siya nang kukunin na ang dyip? Nagtangka kaya siyang isauli ang pera at sinabing hindi na niya ibebenta ang sasakyan? Nakatulog kaya siya nang mahimbing kinagabihan o nagising nang alas-kuwatro, nagkape, naligo, at pagdating sa garahe, nagulat na wala na nga pala ang dyip?

Ilang araw pagkabenta sa dyip, ikinuwento ni Tatay ang kanyang panaginip. Napanaginipan daw niyang lumilipad ang dyip. Kinawayan niya ito, ngunit hindi siya nito hinintuan.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 194 10/25/2019 2:07:14 PM

Beynte-otso anyos na ako ngayon, at minsan, inuunawa ko pa rin ang pagkabenta sa dyip. Lumang-luma na ito, at mahina na ang kita. Halos 70 anyos na si Tatay nang ibenta ito. Hirap na siya kung araw-araw siyang mamamasada, lalo't nangungurot ang lamig ng madaling-araw.

Marahil, mainam ngang naibenta na rin ang dyip. Baka hindi na mabili iyon sa ganoong halaga kung sa ibang panahon pa ibebenta. Mabigat para sa akin ang mawala ito sa amin, pero alam kong higit ang sakripisyo para kay Tatay. Ang alaala ang mas iniisip ko, at ano ang halaga nito sa dalawang matandang kailangan ng pambili ng gamot, at ng ipon sakaling maospital?

Taong 2013, naospital ulit si Tatay, saka naratay nang ilang araw sa bahay. Komplikasyon ulit. Kinabahan ako nang sabihin ni Mama na hinahanap daw ako ni Tatay, kami ng pinsan kong si Jean, ang pinsan kong kasama kong sumasakay sa dyip nang mga bata pa kami.

Habang nakahiga siya sa kama, sa kuwarto nila ni Nanay, binantayan ko siya. "Matulog ka na," sabi niya sa akin. Iyon ang huling beses na narinig ko ang kanyang boses. Nag-aalala pa rin siya sa akin sa kabila ng kanyang kalagayan.

Kinabukasan, madaling-araw, pumanaw siya.

Wala nang dyip na bumibiyahe nang Callos–Gapan. Hindi na rin kasi namamasada si Lolo Monchi, nag-uuling na sila. Ginagamit na panghakot ang dyip nila. Ang dyip naman namin, mula nang maibenta, ay hindi ko na nakita. Marahil ay kinahoy na.

Limang taon na ngayong wala si Tatay, at walong taon nang wala ang dyip. Lagi, tuwing uuwi ako, at bababa sa traysikel, at una kong makikita ang terrace at ang bakanteng tumba-tumba, sinasalubong ako ng lungkot, ng kakulangan. Wala sa tumba-tumba ang matandang nagpalaki sa akin, na sasalubong sana ng "Kumain ka na ro'n," samantalang naninigarilyo.

At walang pag-uwi ko na hindi ko sinisilip ang garahe. Madilim lagi ito, tahimik. May mga bago nang nakaparada rito, owner type jeep, traysikel at single na motor. Pero parang may kulang pa rin. Parang hindi iyon ang garahe sa panahon ng aking kamusmusan.

Lumipas man ang maraming taon, sa akin, laging may kulang sa garahe, at sa matanda naming bahay, kakulangang hindi kailanman mapupunan. Mga alaala silang makikipagbuno sa panahon, kakalawangin, ngunit hindi mawawala sa akin.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 195 10/25/2019 2:07:14 PM